


Ang Paboritong Ulam ni Anna

Alas-singko ng hapon, nagsimulang magluto si Nanay Lena ng hapunan ng kanyang pamilya

Ang paborito mo!



Anna: "Anong ulam ngayon nanay?"

Ang Paboritong Ulam ni Anna

Oo, pwede mo ba akong tulungan magluto?

Salamat, nak. Ito, nakalabas na ang lahat ng kailangan natin para magluto, painitin na muna ang kawali at lagyan ng mantika


Anna: Wow, sinigang na baboy?

Sige po, Nay!



Ang Paboritong Ulam ni Anna

Habang pinapainit ni Anna ang kawali at mantika, naghiwa ng sibuyas at bawang, at luya si Nanay Lena



Ilang taon po kayo natuto magluto 'nay?



Siguro mga labing-apat na taong gulang ako noon, naalala ko pang sinasamahan ako ng lola mo!

Ang Paboritong Ulam ni Anna

Specialty ko na to, anak!
Naaalala ko ang lola mo
sa pagluluto nito!



Kaya naman pala
masarap, inay! Ang
tagal mo na itong
linuluto!

Ang Paboritong Ulam ni Anna

Ginisa ni Nanay Lena ang bawang, sibuyas, at luya at saka dinagdagan ng paminta.



Nang lumambot na ang sibuyas, hinalo niya ang manok

Ang Paboritong Ulam ni Anna

Pagkatapos, tinakpan ni Nanay ang kawali para masimulan ang pagluluto

Natutuwa nga akong makita kayong nageenjoy habang kumakain ng hapunan kaya galak na galak akong magluto

Oo naman, sa totoo nga, isa to sa mga bagay na nagpapasaya sa akin ngayong COVID-season. Simpleng kaligayahan ko ang pagluluto

Hanggang ngayon ba, nagagalak ka pa rin magluto?

Ang sweet naman, nanay



Ang Paboritong Ulam ni Anna

Pinagbuhos ni Nanay Lena si Anna ng tubig at pinakuluan ito



Aww, ramdam ko po
nay kung gaano
kahalaga ito sa inyong
dalawa

Naaalala ko ang lola
Anita mo kpag
nagluluto ako ng
tinolang manok.
Paborito niya kasi ito,
kaya sinigurado niyang
matutunan ko ang
receipe para di ko siya
malimutan

Ang Paboritong Ulam ni Anna

Hay, ikaw Anna. Kamusta ka naman? Di na kita masyadong nakakausap

Okay naman po nay. Nasasanay na po ako sa buhay quarantine. Naglalaro po ako ng jumprope kasi masaya po at nakakapawis

Buti naman anak, mahalaga ang ehersisyo dahil para sa pisikal at mental health mo



Ang Paboritong Ulam ni Anna

Nalulungkot ka ba na
di ka nakakalabas
ng bahay?

Sana anak walang
mangyari sa kanila
Idaragdag ko sila
sa aking panalangin

Opo, pero nakikipagusap po
rin po ako sa
mga kaibigan sa chat.
Kamustahan lang at
paniniguro na ligtas sila.



Linagay ni Aling Lena ang chicken cubes at
sayote at hinayaan intong maluto. Pagkatapos
ay dinagdagan niya ito ng patis at malunggay
upang lalong sumarap ang tinola

Ang Paboritong Ulam ni Anna

Salamat sa pagsama sa akin
magluto ng paborito mong ulam.
Malaking bagay na nakakasama
ka namin ng tatay mo ngayong
panahong ito na malusog at
malakas. Alagaan natin ang ating
sarili, laging maghugas ng kamay
kasi mahirap magkasakit ngayon

Maraming salamat rin, nay!
Wagas talaga ang pagmamahal ng
isang ina!



Wakas